

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Iparinig ang inyong boses at tumulong sa pagpapanatili sa Brampton na isang Luntiang Lungsod**

### ***Available ngayon online ang mga survey sa Urban Forest Management Plan at Parkland Dedication Strategy***

BRAMPTON, ON (Marso 14, 2022) – Inilunsad ng Lungsod ng Brampton ang survey sa Urban Forest Management Plan at isang survey sa Parkland Dedication Strategy para mas mapaganda ang mga punong-kahoy ng komunidad at ang mga parke.

#### Survey sa Urban Forest Management Plan

Ang buod ng balangkas ng unang Urban Forest Management Plan (UFMP) ng Lungsod ay handa na para sa opinyon ng komunidad.

Kabilang sa urban na kagubatan ng Brampton ang lahat ng punong-kahoy at ang lumalaking mga kapaligiran nito sa kapwa publiko at pribadong mga lupain sa loob ng mga boundary ng Lungsod. Ang UFMP ay magbibigay ng estrategik na direksyon para maipagpatuloy at mas mapaganda ang urban forest ng Brampton sa pamamagitan ng pagpoprotekta sa umiiral na mga punong-kahoy at pagpapalawak sa canopy ng punong-kahoy.

Sa buod na balangkas na ito, natukoy ng Lungsod ang 36 na aksyon na gagawin, batay sa pananaliksik, pag-aanalisa at pakikilahok hanggang ngayon.

Ang UFMP ay parte ng Grow Green Environmental Master Plan ng Brampton. Tinutugunan din ng UFMP ang mga target ng Brampton 2040 Vision and Community Energy and Emissions Reductions Plan (CEERP) na magtanim ng isang milyong punongkahoy sa Brampton bago lumipas ang 2040.

Ang mga residente at mga stakeholder ay iniimbitahan na ibahagi ang kanilang mga iniisip sa buod ng balangkas online mula Marso 11, 2022 hanggang Abril 1, 2022. Bisitahin ang [www.brampton.ca/trees](http://www.brampton.ca/trees) para sagutan ang survey.

#### Survey sa Parkland Dedication Strategy

Committed ang Lungsod sa pagsuporta sa maraming parte nito at sa mga lupain ng natural heritage. Ang Parkland Dedication Strategy ng Lungsod ay naglalayon na tugunan ang pangangailangan para sa mas luntiang espasyo sa lumalaking komunidad ng Brampton. Ang

strategy ay makakatulong sa pag-aabiso sa bagong Parkland Dedication By-Law at isulong ang mga rekomendasyon ng Parks and Recreation Master Plan, 2017.

Ang paunang pag-aaral para sa strategy ay handa na para sa opinyon ng komunidad. Iniimbitahan ang mga residente at stakeholder na ibahagi ang kanilang mga iniisip tungkol sa pag-aaral online mula Marso 11, 2022 hanggang Abril 1, 2022. [I-click dito para malaman ang mas marami pa at sagutan ang survey.](#)

### **Mga Quote**

“Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod, tahanan ng maraming parke at mga lupain ng natural heritage para mapakinabangan ng lahat. Magpapatuloy ang Lungsod sa pagtiyak na kalahok ang publiko at ang mga stakeholder habang ginagawa natin ang Parkland Dedication Strategy at Urban Forest Management Plan. Hinihikayat ko ang lahat na sagutan ang mga survey na ito at tulungan na umunlad ang ating mga parke at punong-kahoy.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Kung nag-i-enjoy kayo sa mga outdoor sa Brampton, ang Parkland Dedication Strategy at ang Urban Forest Management Plan ay susuporta sa inyo. Ang Brampton ay isang lumalaking lungsod at kailangan namin ang inyong input para palawakin ang aming mga strategy sa pangangalaga sa mga parke at punong-kahoy. Sagutan ang maiikling survey na ito sa araw na ito!”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga parke, mga lupain ng natural heritage at ang mga punong-kahoy ay mahalagang sangkap ng ating komunidad. Iparinig ang inyong boses sa Parkland Dedication Strategy at Urban Forest Management Plan habang umaabante tao sa mahalagang mga inisyatibang ito para sa mga parke at punong-kahoy ng Brampton.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

